

Ang kuwento ng pag-ibig na ito ay mula kay Ovid, isang Romanong makata. Ito ay isinalin mula sa Ingles na bersiyon ni Edith Hamilton (Mythology: Timeless Tales of Gods and Heroes) at isang pang bersiyon ni Thomas Bulfinch (The Age of Fable).

Si Pyramus at si Thisbe

Noong unang panahon, ang mga pulang bunga ng puno ng mulberry ay kasimputi ng niyebe. Ang pagbago ng kulay na ito ay dulot ng isang malungkot na kuwento ng pag-ibig at ng pagkamatay ng dalawang taong nagmahalan.

Sa buong Babylonia, ang pinakaguwapong binata ay si Pyramus at ang pinakamagandang dalaga ay si Thisbe. Dahil magkaratig ang tahanan ng kanilang mag-anak, isang pader lamang ang naghihiwalay sa kanila. Lumaki silang magkakilala at ang pagkakaibigan nila ay nahinog sa pag-iibigan. Nais sana nilang magpakasal, ngunit dahil sa isang alitan sa pagitan ng kanilang mga magulang, sila'y pinagbawal na magsama.

Gayunpaman, ang tunay na pag-ibig ay hindi lubos na mapagbabawalan. Kapag lalong tinatakpan ang liyab ng pag-ibig, mas iinit ang pagsunog nito. Imposibleng ipaghiwalay ang mga puso nina Pyramus at Thisbe na nag-aalab para sa isa't isa. Ang pag-ibig ay laging naghahanap ng paraan. Hindi man sila makalapit sa isa't isa, nagpatuloy ang kanilang pakikipag-usap sa pamamagitan ng mga sulyap at senyas.

Sa pader na naghihiwalay sa kanilang mga bahay ay may isang bitak. Ang bitak na ito ay hindi napuna ng sinuman, subalit walang bagay na hindi napupuna ng isang taong umiibig. Nadiskubre ito nina Pyramus at Thisbe, at sa pamamagitan nito naibubulong nila sa isa't isa ang kanilang matatamis na mensahe. Si Thisbe sa isang panig ng pader at si Pyramus sa kabila. Ang kapoot-poot na pader na naghiwalay sa kanila ay naging daan upang mapaabot nila ang kanilang pagmamahal.

“Dahil sa iyo, kami'y hindi maaaring magkapiling, hindi maaaring maghalikan,” daing nina Pyramus at Thisbe sa pader. “Kahit ganito, kami'y nakapag-uusap. Binibigyan mo ng daan ang mga salita ng pag-ibig para makaabot sa tainga ng umiibig. May utang na loob kami sa iyo.” Ganito mag-usap sina Pyramus at Thisbe. Sa pagsapit ng gabi at kailangan nang maghiwalay, kanila'y hinahalikan ang pader, mga halik na hindi makaabot sa mga labi sa kabilang dako.

Sa bawat umagang tinakpan ng buwang-liwayway ang mga bituin, at itinuyo ng mga sinag ng araw ang hamog na nagyelo sa damo, sina Pyramus at Thisbe ay tatakas sa bitak sa pader. Habang nakatayo roon, binubulong nila ang kanilang umaalab na pag-ibig at itinataghoy ang kanilang malupit na tadhana. Sa wakas, dumating ang araw na hindi na nila matiis ang kanilang kapalaran. Napagpasyahan nila na sa gabing iyon sila'y tatakas at lalabas ng lungsod upang malayang magsama. Nagkasundo sila na magkita sa isang tanyag na lugar, ang Puntod ni Ninus. Magkikita sila sa ilalim ng isang punong mulberry na hitik sa mga berry na kasimputi ng niyebe, kung saan may isang bukal na bumubulubok. Ikinalugod nila ang plano at para sa kanila animo'y hindi matapos-tapos ang araw.

Sa wakas, lumubog ang araw sa dagat at lumitaw ang gabi. Sa kadiliman, suot ang kanyang balabal, maingat na tumakas si Thisbe mula sa kanyang tahanan at palihim na tumungo siya sa puntod. Wala si Pyramus doon, subalit naghintay si Thisbe, pinalalakas ng pag-ibig ang kanyang loob. Sa liwanag ng buwan, biglang napansin niya ang isang papalapit na leona. Ang leona ay nakapatay. May bahid ng dugo ang panga nito at ito'y palapit sa bukal upang pawiin ang uhaw niya. Dahil sa takot, si Thisbe ay tumakbo palayo sa leona at nagtago sa guwang ng isang malaking bato. Subalit sa kanyang pagtakas, nahulog ang kanyang balabal. Nakita ng leona ang balabal ni Thisbe sa alabok. Gamit ang madugong bunganga, pinunit-punit ng leona ang balabal at pagkatapos ay pumasok sa kagubatan.

Ilang minuto ang lumipas at dumating si Pyramus sa kanilang tagpuan. Nadatnan niya ang madugong balabal ni Thisbe at ang mga bakas ng paa ng isang leon sa alabok. Inakala ni Pyramus na patay na si Thisbe. "O, sawimpalad na dalaga, ako ang pumatay sa iyo. Ikaw, na mas karapat-dapat mabuhay, ay naging unang biktima. Susundan kita. Ako ang nagkasala. Tinukso kita sa isang mapanganib na lugar at wala ako rito upang ipagtanggol ka. Lumabas ka, leon, mula sa mga bato at gutay-gutayin mo ng iyong mga ngipin ang nagkasalang katawan na ito!" inihyaw ni Pyramus.

Ipinulot ni Pyramus ang balabal mula sa alabok at binahiran niya ito ng kanyang mga luha at halik habang idinadala sa puno ng mulberry. Nabalot sa matinding pighati ang puso ni Pyramus. "Ngayon," sabi ni Pyramus habang hawak ang balabal, "iinumin mo rin ang aking dugo." Inilabas niya ang kanyang espada at isinasak niya

ito sa kanyang tagiliran. Tumilamsik ang kanyang dugo sa mga berry ng puno. Ang mga berry ay nakulayan ng pula ng dugo ni Pyramus.

Si Thisbe, bagamat nangingilabot pa rin sa leona, ay mas natakot na biguin ang kanyang kasintahan. Bumalik siya sa puno ng mulberry na may mga puting bungang nagniningning, ngunit hindi niya ito matagpuan. May puno roon, ngunit walang kumikislap sa mga sanga nito. Habang minamasdan niya ang puno, ikinagulat niya ang paggalaw ng isang bagay sa lupa sa ilalim ng puno. Sa isang saglit, sumungaw siya mula sa lilim at nakita niya kung ano ang naroon. Nakita niya si Pyramus na naliligo sa sariling dugo at naghihingalo. Dagling niyakap ni Thisbe si Pyramus, hinalikan ang kanyang malalamig na labi at nagmakaawang kausapin siya.

“O, Pyramus! Ano ang gumawa nito? Ako ito, si Thisbe, ang iyong sinisinta. Itaas mo ang iyong laylay na ulo at sagutin mo ako,” isinamo ni Thisbe habang lumuluha. Nang marinig ni Pyramus ang pangalan ni Thisbe, binuksan niya ang kanyang mga mata. Sa huling sandali, nakita niya si Thisbe bago isinara ng kamatayan ang kanyang mga mata.

Nakita ni Thisbe ang espadang nalaglag mula sa kamay ni Pyramus at ang punit-punit at madugong balabal. Naunawaan ni Thisbe ang lahat. “Ang sariling mong kamay ang pumatay sa iyo,” wika ni Thisbe, “at ang pagmamahal mo para sa akin. Kaya ko rin maging matapang. Ang aking pagmamahal ay kasinlakas rin ng pagmamahal mo. Susundan kita sa kamatayan dahil ako ang naging sanhi. Ang kamatayan lang sana ang makapaghihiwalay sa atin, subalit walang kapangyarihan ang kamatayan ngayon. Kayo, mga magulang na tinanggihan kami, nawa’y ipagsama ninyo kami sa iisang puntod. Ikaw, puno, nawa’y manatili sa iyo ang tanda ng aming pagkamatay. Hayaan ang mga berry na magsilbing memoryal ng aming dugo.” At gamit ang espadang may bahid pa ng dugo ni Pyramus, isinaksak ni Thisbe ang sarili niyang puso.

Sa huli, nahabag ang mga diyos at ang mga magulang nina Pyramus at Thisbe. Pinagtibay nila ang kagustuhan ng dalawa. Ang mapulang bunga ng puno ng mulberry at isang urna na nagtataglay ng mga abo ng dalawang taong nagmahalan na kailanman hindi mapaghihiwalay, kahit ng kamatayan, ay naging panghabang-panahon na memoryal ng kanilang tunay na pag-iibigan.

Talasalitaan

1. alabok – surface dust; dust from the ground
2. alitan – quarrel
3. animo’y – like; seems like
4. bahid – blot; stain
5. balabal – cloak; shawl
6. binahiran – stain or mark something
7. bitak – chink; crack; narrow split
8. bukal – spring
9. bumubulubok – bubble up
10. daing – complain; ask or beg for something
11. gutay-gutayin – shred; tear apart
12. guwang – gap; crevice
13. hamog – dew
14. inihiyaw – shout
15. isinamo – beg; entreat
16. itinataghoy – bemoan; express discontent or sorrow over something
17. kapoot-poot – hateful
18. laylay – drooping
19. leona – lioness
20. liyab – flame
21. memoryal – memorial
22. nag-aalab – burning with emotions; passionate
23. nahabag – take or have pity on
24. niyebe – snow
25. pighati – sorrow; grief
26. puntod– tomb
27. sawimpalad – unlucky; unfortunate
28. sumungaw – emerge; peep out
29. tumilamsik – splash; splatter; spatter
30. urna – urn; container for storing the ashes of a cremated person

Mga Tanong

Sagutin ang mga tanong tungkol sa kuwento nina Pyramus at Thisbe. Isulat ang iyong mga sagot sa ibang papel.

1. Sa unang bahagi ng kuwento, ano ang suliranin na hinahaharap ng magkasintahang Pyramus at Thisbe mula sa kanilang mga magulang?
2. Paano nag-uusap sina Pyramus at Thisbe?
3. Ano ang napagpasyahan nilang kasagutan sa kanilang suliranin?
4. Ano ang tatlong bagay ang makikita sa lugar ng kanilang tagpuan?
5. Ano ang nangyari kay Thisbe sa lugar na iyon habang hinihintay niya si Pyramus?
6. Ano ang inakala ni Pyramus na nangyari kay Thisbe at bakit ito ang kanyang inakala?
7. Ano ang ginawa ni Pyramus dahil sa kanyang akala?
8. Ano ang ginawa ni Thisbe nang maunawaan niya ang sinapit ni Pyramus?
9. Ano ang ginawa ng mga diyos at ng mga magulang nina Pyramus at Thisbe?
10. Ano ang ibig sabihin ng ginawa ng kanilang mga magulang sa huli?
11. Ano ang maimumungkahi mo sa suliranin nina Pyramus at Thisbe upang mapabuti ang situwasyon nila noon?
12. Maaari pa bang mangyari ang ganitong situwasyon ng pag-iibigan sa panahon ngayon?
13. Ano sa palagay mo ang gagawin ng isang magkasintahan sa kasalukuyan kapag ipinagbawal silang magkita o magsama?
14. Ano ang pangunahing aral na napulot mo sa kuwento?